Ano ang Dapat Gawin Kapag May Nasuring Positibo sa COVID-19 sa Lugar ng Trabaho

Itong step-by-step na protokol ay nagbibigay ng patnubay sa mga employer kapag ang isa o higit pang mga tao sa lugar ng trabaho ay nasuring positibo sa COVID-19. Itong protokol ay nalalapat sa mga empleyado pati na rin sa mga boluntaryo, mga kontratista, o iba pang mga tao na nagtatrabaho sa pasilidad. Bilang karagdagan sa protokol na ito, ang mga employer ay dapat sumunod sa lahat ng naaangkop na mga batas ng estado at ng pederal at ng anumang mga collective bargaining na mga obligasyon. Para sa mga bersyon na hindi Ingles ng lahat ng mga dokumento na tinukoy sa gabay na ito, mangyaring pumunta sa webpage ng Negosyo at mga Lugar ng Trabaho ng Pampublikong Pangkalusugan ng Santa Clara County.

Kailan Gamitin ang Protokol na ito

Kung ang taong nasuring may COVID-19 ay kailanman may mga sintomas, gamitin ang protokol na ito kung sila ay may mga sintomas habang nasa trabaho o nagkaroon ng mga sintomas sa loob ng 48 oras habang nasa trabaho.

Kung ang taong nasuring may COVID-19 ay hindi kailanman nagkaroon ng mga sintomas, gamitin ang protokol na ito kung sila ay nasuring positibo sa loob ng 48 oras habang nasa trabaho.

Tandaan: Itong Protokol ay magsisimula sa oras na nalaman mo na ang isang tao sa lugar ng inyong trabaho ay nakatanggap ng positibong resulta ng pagsusuri mula sa pagsusuring dyagnostiko para sa COVID-19. Hindi mo maaaring maiwasan ang kinakailangan sa pagpatupad ng protokol na ito sa muling pagpapasuri sa tao, kahit na ang mga resulta ng isa o mahigit pa sa mga naulit na pagsusuri ay negatibo. Ang Opisyal ng Pangkalusugan ng County ay *hindi* nagrerekomenda ng paulit-ulit na pagpapasuri para makumpirma ang isang positibong resulta ng pagsusuri dahil sa mababang posibilidad ng maling positibong resulta sa paunang pagsusuri.

Hakbang 1: Magbigay ng mga tagubilin sa manggagawang positibo sa COVID-19

Ang Panahon ng Paghiwalay sa Trabaho at Panahon ng Pagbubukod

Hindi mataas ang panganib at hindi-pagtitipon na mga sitwasyon: Ang manggagawa ay dapat na kaagad na pauwiin at atasan **na magbukod ng 10 araw** mula sa petsa na sila ay nasuring positibo **AT**, kung may mga sintomas, 24 na **oras** pagkatapos ng paggaling ng lagnat nang hindi gumamit ng gamot na nagpapabawas ng lagnat at pagbuti ng anumang iba pang mga sintomas; (alinman ang **mas matagal**). Ang indibidwal ay maaari lamang bumalik sa lugar ng trabaho pagkatapos matugunan ang pareho sa mga pamantayang ito. ***BAGO* Nalalapat ang mga tagubiling ito sa lahat ng mga nasuring positibo, anuman ang katayuan sa**

pagbabakuna sa COVID-19. Ang mga taong ganap na nabakunahan na nasuring positibo sa COVID-19 ay dapat sumunod sa pamantayang patnubay ng county para sa pagbubukod.

Maaari din gamitin ng mga employer ang Calculator sa Pagkuwarantina at Pagbubukod* upang makumpirma kung kailan makakaalis ang empleyado sa pagbubukod at makabalik sa trabaho. Mangyaring tiyaking piliin ang alinman sa "Kayo ay nasuring positibo at may mga sintomas" O "Kayo ay nasuring positibo ngunit walang mga sintomas," depende sa kung ang empleyado ay may mga sintomas o wala.

*Mangyaring tandaan, itong calculator ay pag-aari ng San Bernardino County. Hindi kinokontrol ng Santa Clara County ang impormasyong nakapaloob sa third-party na aplikasyon na ito, at hindi ito responsable para sa paggamit nito o maling paggamit nito. Mangyaring kumonsulta sa kasalukuyang patnubay ng county kapag ginagamit itong aplikasyon.

Bigyan ang manggagawang positibo sa COVID-19 ng handout ng Patnubay ng Pagbubukod at Pagkuwarantina sa Bahay.

Ang mga empleyado ay hindi na maituturing na nakakahawa kung natugunan nila ang pamantayan na nakadetalye sa Sulat sa Pagbalik sa Trabaho (tingnan ang webpage ng Negosyo at Lugar ng Trabaho para sa karagdagang impormasyon). Ang County ng Santa Clara ay hindi naghihikayat sa mga employer na mangailangan ng medikal na sulat o isang negatibong pagsusuri para makabalik as trabaho hangga't natugunan ang nakadetalyeng pamantayan.

Hakbang 2: Kilalanin ang lahat ng mga nakipagsalamuha nang malapitan sa manggagawang positibo sa COVID-19

Kung nalaman ng isang employer na ang isang empleyado ay nasuring positibo, dapat subukan ng employer na alamin kung, kung mayroon man, sino sa mga empleyado ang nakipagsalamuha nang malapitan sa positibong empleyado. Ang isang **nakipagsalamuha nang malapitan** ay nangangahulugan sa isang tao na nasa loob ng anim na talampakan mula sa taong nasuring positibo nang hindi bababa sa 15 minuto sa anumang oras na magsisimula ng 2 araw bago ang nahawaang tao ay nagkaroon ng sintomas o nasuring positibo. Kabilang sa mga nakasalamuha nang malapitan ang mga taong may 15 na minuto na tuluy-tuloy na nakipagsalamuha sa nahawaang tao, pati na rin ang mga taong paulit-ulit na nakipaghalubilo sa maikling panahon sa nahawaang tao. Bilang karagdagan, ang pagiging isang nakipagsalamuha nang malapitan ay hindi nakasalalay kung ang nakipagsalamuha o ang nahawaang tao ay nakasuot ng panakip sa mukha sa panahon ng kanilang pakikipaghalubilo.

Panatilihin ang Pagkakumpidensyal

Ang mga employer ay dapat panatilihing kumpidensiyal ang impormasyong medikal ng mga empleyado alinsunod sa mga batas ng pederal at ng estado. Huwag ibunyag ang pagkakakilanlan ng manggagawang positibo sa COVID-19 sa inyong pagsisikap na makilala ang mga nakipagsalamuha nang malapitan. Mangyaring kumonsulta sa inyong abugado kung mayroon kayong anumang mga katanungan tungkol sa naaangkop na mga batas sa trabaho o sa mga pribadong batas.

Kilalanin ang mga Nakipagsalamuha nang Malapitan sa Panahon ng Pagkakalantad

Dapat imbestigahan at idokumento ng employer ang iskedyul ng empleyado at lokasyon ng trabaho upang matukoy: 1) ang araw na nagsimula ang kanilang mga sintomas (kung naaangkop); 2) ang petsa ng kanilang unang positibong pagsusuri; at 3) ang huling araw na ang taong nasuring may COVID-19 ay naroon sa lugar ng trabaho.

Ang impormasyong ito ay dapat na gamitin ng employer upang makilala ang lahat ng mga indibidwal na maaaring nakipagsalamuha nabg malapitan sa nakumpirmang positibong empleyado sa panahon ng pagkakalantad.

Ang **panahon ng pagkakalantad** ay tumutukoy sa:

- **Pagsimula:** 2 na araw bago ang tao ay nagkaroon ng mga sintomas (o 2 na araw bago ang petsa ng unang positibong pagsusuri para sa mga empleyadong walang mga sintomas)
- **Pagtapos:** sa huling araw na nasa trabaho ang positibong tao

Ang "pagkakalantad" ay hindi nakadepende kung ang taong nalantad o ang nahawaang tao ay sumuot ng panakip sa mukha sa panahon ng kanilang pakikipaghalubilo.

Kumpletuhin ang Form ng Kaso sa Lugar ng Trabaho at Pag-uulat ng Nakipagsalamuha

Ang employer ay dapat pumunta sa Portal ng Kaso sa Lugar ng Trabaho at Pag-uulat ng Nakipagsalamuha upang punan ang Form ng Kaso sa Lugar ng Trabaho at Pag-uulat ng Nakipagsalamuha. Dapat ipunin ng employer ang sumusunod na impormasyon para sa lahat ng mga tao na nakilala bilang mga nakasalamuha nang malapitan (upang maibigay sa Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng Santa Clara County), kabilang ang mga nagbebenta/supplier, bisita, o iba pang nakipagsalamuha nang malapitan sa empleyado sa lugar ng trabaho.

- Pangalan
- Numero ng telepono
- Address
- Sinasalitang wika (kung hindi mahusay magsalita sa Ingles)

Maaari ring isaalang-alang ng mga employer ang paggawa ng isang patakaran na nagpapaalam sa mga empleyado na kung nakumpirma silang may COVID-19, hihilingin silang magbigay ng isang listahan ng iba pang mga empleyado na nakasalamuha nila nang malapitan sa panahon ng pagkakalantad.

Hakbang 3: Makipag-usap sa Lahat ng mga Empleyado

Pagbubukod sa Trabaho, Pagkuwarantina at Pagpapasuri para sa mga Nakipagsalamuha nang Malapitan

Ayon sa kahulugan ng CDC, ang mga tao ay itinuturing ganap na nabakunahan:

- ≥14 na araw kasunod ng pagtanggap ng pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis na bakuna (tulad ng Pfizer o Moderna), o
- ≥14 araw kasunod ng pagtanggap ng isang dosis ng isang dosis na bakuna (tulad ng Johnson & Johnson)

Kapag hindi kinakailangan ang pagkuwarantina:

Sa pangkalahatan, ang mga indibidwal na ganap na nabakunahan ay hindi kinakailangang magkuwarantina* pagkatapos mailantad sa isang kaso kung natutugunan nila ang LAHAT ng mga sumusunod na pamantayan:

- Ganap na nabakunahan
- Walang mga sintomas ng COVID-19 mula noong pagkakalantad sa COVID-19
- Ay hindi isang pasyente o residente sa isang lokasyon o pasilidad ng healthcare

*Inyong lugar ng trabaho ay maaaring kailanganin pa ring sumunod sa Mga Pansamantalang Pamantayang Pang-emerhensiya sa Pagpigil ng COVID-19 ng Cal/OSHA ("ETS"), anuman ang katayuan sa pagbabakuna. (Tingnan ang Mga FAQ ng ETS para sa karagdagang patnubay.

Mga taong hindi ganap na nabakunahan:

Ang sinumang hindi pa ganap na nabakunahan at nakipagsalamuha nang malapitan sa taong nasuring may COVID-19 sa panahon ng pagkakalantad (itinukoy sa itaas) ay dapat pagbawalan sa pagpunta sa lugar ng trabaho at dapat atasan na manatili sa bahay ng **10 araw**, simula sa huling araw na nasa trabaho ang taong nasuring may COVID-19.

Ang lahat ng mga nakipagsalamuha nang malapitan na hindi pa ganap na nabakunahan ay nirerekomendang magpasuri sa ika-6 na araw o mahigit mula sa huling pagkakalantad kung walang mga sintomas (at kaagad kung may mga sintomas). Ang mga lokasyon ng pagpapasuri para sa COVID-19 ay matatagpuan sa aming website. Ang mga nakipagsalamuha nang

malapitan na walang mga sintomas ay makapaghinto ng pagkuwarantina pagkatapos ng ika-10 na araw mula sa huling pagkakalantad ngunit dapat magpatuloy sa pagsubaybay sa mga sintomas sa buong 14 na araw. Kahit na negatibo ang pagsusuri, ang mga nakipagsalamuha nang malapitan ay dapat manatili nakakuwarantina sa buong 10 na araw. Ang mga resulta ng pagsusuri, positibo o negatibo, ay dapat ibahagi sa employer.

Maaari din gamitin ng mga employer ang Calculator sa Pagkuwarantina at Pagbubukod upang makumpirma kung kailan makakaalis ang empleyado sa pagbubukod at bumalik sa trabaho. Mangyaring tiyaking piliin ang opsyon para sa "Nakilala kayo na bilang isang nakipagsalamuha nang malapitan."

Ang pangkalahatang patnubay sa pagkuwarantina sa itaas ay nalalapat sa mga manggagawa sa healthcare sa ilalim ng mga normal na pangyayari, at ang mga manggagawa sa healthcare na may regular na pagkakalantad sa lugar ng trabaho na hindi nasa mataas na panganib ay dapat magpatuloy na sumunod sa patnubay ng kanilang employer para makabalik sa trabaho. Gayunpaman, kung may umiiral na kritikal na kakulangan sa bilang ng kawani, ang mga manggagawa sa healthcare ay maaaring sumunod sa mga rekomendasyon na nakabalangkas sa Pamamahala ng mga Pagkakalantad sa mga Manggagawa sa Healthcare

Ibigay ang Payo sa COVID-19 sa Nakipagsalamuha nang Malapitan sa lahat ng mga nakilalang nakipagsalamuha nang malapitan.

Pangkalahatang Payo at Pagsubaybay ng mga Sintomas para sa Lahat ng Iba pang Empleyado

Ang lahat ng iba pang naroon sa lugar ng trabaho, ngunit HINDI nakilala bilang mga taong nakipagsalamuha nang malapitan, ay dapat na payuhan **na subaybayan ang sarili para sa mga sintomas ng 14 na araw** pagkatapos ng huling araw na ang taong nasuring may COVID-19 ay nasa trabaho. Maaari silang bumalik sa trabaho, ngunit kung nagkaroon sila ng mga sintomas, dapat silang manatili sa bahay (o kung sa trabaho, umuwi kaagad) at makipag-ugnay sa kanilang healthcare provider upang magpasuri. Dapat tiyakin ng lahat sa lugar ng trabaho na sumusunod sila sa Protokol ng Pagdistansya sa Ibang Tao ng negosyo.

Kung ang lugar ng trabaho ay isang "Lokasyong may Mataas na Panganib," kung saan ang mga manggagawa ay nasa mataas na panganib sa pagkakalantad sa COVID-19 dahil sa madalas na harapang pakikipaghalubilo sa mga miyembro ng publiko at walang kakayahang makapagpanatili ng pisikal na pagdistansya sa trabaho, ang mga manggagawa ay dapat magpasuri na hindi bababa kada 30 na araw. Ang mga manggagawa na nasa "Lokasyong may Mataas na Panganib" ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga first responder, empleyado ng botika, manggagawa sa serbisyo ng pagkain, manggagawa na nagdideliver, operator ng pampublikong transportasyon, at mga klerk sa tindahan ng grocery.

Kung ninanais, ibigay ang Pangkalahatang Payo sa Pagkakalantad sa COVID-19 sa lahat ng mga empleyado na HINDI nakilala bilang mga nakipagsalamuha nang malapitan.

Hakbang 4: Mag-ulat ng (mga) Kaso sa Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng Santa Clara County

Kung ang isang positibong kaso ay nakilala sa inyong lugar ng trabaho, ikaw ay dapat magkumpleto ng form ng kaso sa lugar ng trabaho at pag-uulat ng nakipagsalamuha sa Portal ng Kaso sa Lugar ng Trabaho at Pag-uulat ng Nakipagsalamuha. Sa ilalim ng Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan, ang mga report ay dapat, **bilang batas,** gawin sa loob ng dalawampu't apat na oras pagkatapos na malaman ng employer ang (mga) positibong kaso. Ang impormasyong ibinigay ay mananatiling kumpidensyal at hindi makakaapekto sa katayuan ng imigrasyon. Maaari niyong i-update ang impormasyon na iyong binigay kung may natuklasan kayong karagdagang impormasyon pagkatapos ng inyong paunang ulat.

Tandaan: Ang inyong ligal na obligasyon na mag-ulat sa Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ay magsisimula sa oras na nalaman mo na ang isang tao sa lugar ng inyong trabaho ay nakatanggap ng positibong resulta ng pagsusuri mula sa pagsusuring dyagnostiko para sa COVID-19. Hindi mo maaaring maiwasan ang kinakailangan sa pag-ulat ng positibong tao sa muling pagpapasuri sa kanila, kahit na ang mga resulta ng isa o mahigit pa sa mga naulit na pagsusuri ay negatibo. Ang Opisyal ng Pangkalusugan ng County ay *hindi* nagrerekomenda ng paulit-ulit na pagpapasuri para makumpirma ang isang positibong resulta ng pagsusuri dahil sa mababang posibilidad ng maling positibong resulta sa paunang pagsusuri.

Hakbang 5: Iulat sa Local Cal/OSHA District Office kung may Naospital o may Namatay

Ang anumang malubhang pinsala, sakit, o kamatayan na naganap sa anumang lugar ng trabaho o may kaugnayan sa anumang trabaho ay dapat iulat kaagad ng employer sa Local Cal/OSHA District Office. Para sa COVID-19, kabilang dito ang mga naospital at namatay na mga empleyado, kahit na hindi sigurado kung ang mga ito ay may kaugnayan sa trabaho.

- Ang buong detalye kung anong impormasyon ang kailangang maiulat (https://www.dir.ca.gov/dosh/report-accident-or-injury.html), contact information para sa mga tanggapan ng distrito (https://www.dir.ca.gov/dosh/districtoffices.htm), at ang

kinakailangan ng seksyong 342 ng Titulong 8 (https://www.dir.ca.gov/title8/342.html) ay makikita online.

Mas pinipili ng Cal/OSHA ang mga tawag sa telepono ngunit tatanggapin din nila ang mga ulat sa email sa (caloshaaccidentreport@tel-us.com).

Hakbang 6: Pagdidisimpekta Pagkatapos Nakumpirmang may Kasong COVID-19 sa Lugar ng Trabaho

Hanggang sa makumpleto ang paglilinis at pagdidisimpekta, isara ang mga lugar na binisita ng (mga) taong may sakit kung ang tao ay bumisita sa mga lugar na iyon sa loob ng huling 48 na oras. Kung ligtas, buksan ang panlabas ng mga pintuan at bintana at gumamit ng mga bentilador upang madagdagan ang sirkulasyon ng hangin sa lugar. Maghintay ng 24 na oras o hangga't praktikal bago simulan ang paglilinis at pagdidisimpekta. Gamit ang isang EPA-certified cleaning agent, linisin at disimpektahin ang lahat ng mga lugar na ginagamit ng (mga) may sakit, kabilang ang mga tanggapan, banyo, karaniwang lugar, pinagbabahagingelektronikong kagamitan (tulad ng mga tablet, touch screen, keyboard, mga remote control, at mga ATM machine), na mas tumutuon sa mga madalas na hinahawakan na mga bahagi ng kagamitan.

Ipatuloy ang regular na paglilinis at pagdidisimpekta sa lahat ng madalas na hinahawakan na mga lugar sa buong araw, alinsunod sa mga alituntunin ng CDC. Linisin ang mga nakikitang maruming bahagi ng lugar at ng mga bagay gamit ang sabon at tubig bago disimpektahin. Gumamit ng isang EPA-approved na produkto na pangdisimpekta, at sundin ang mga tagubilin sa label para sa wastong paggamit, mga karagdagang PPE na kinakailangan, at anumang iba pang mga espesyal na pagsasaalang-alang kapag ginagamit ang produkto.

Hakbang 7: Pagpigil ng Pagkalat ng COVID-19 sa Lugar ng Trabaho

Ang mga negosyo ay dapat:

1) Tukuyin ang katayuan sa pagbabakuna ng empleyado sa loob ng 14 na araw

2) Siguraduhin na ang mga empleyadong hindi pa nabakunahan na nagtatrabaho sa lugar ng trabaho ay nakasuot ng maskara

3) Tiyaking ang mga empleyadong hindi pa nabakunahan ay nagkuwarantina kung nakilala sila

bilang isang nakipagsalamuha nang malapitan sa isang kaso

4) Magbigay ng impormasyon ng pagbabakuna sa lahat ng mga empleyadong hindi pa nabakunahan

5) Magpatuloy sa pag-uulat ng mga kaso sa trabaho sa loob ng 24 na oras sa Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan sa sccsafeworkplace.org

Ang mga negosyo ay dapat:

1) Ipagbawal ang pagbibiyaheng nauugnay sa trabaho para sa mga empleyadong hindi pa nabakunahan

2) Magsagawa ng lingguhang pagsusuri sa PCR para sa COVID-19, o pang-araw-araw na pagsusuring antigen na may pagpapatibay ng COVID PCT ng anumang mga positibo, para sa mga empleyadong hindi pa nabakunahan

Hikayatin ang Pagbakuna

Ang pinakamahalagang bagay na maaaring magawa ng isang lugar ng trabaho upang mabawasan ang panganib ng COVID-19 sa lugar ng trabaho ay upang mapadali ang pagbabakuna kung saan posible. Lahat ng mga indibidwal na may edad na 12 at mas matanda ay kwalipikado para sa pagbabakuna. Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga available na bakuna at kung paano i-access ang mga ito ay matatagpuan sa www.sccfreevax.org

Mahigpit na Ipatupad ang Paggamit ng Panakip sa Mukha

Kinakailangan ang mga panakip sa mukha sa Estado ng California tulad ng nakabalangkas sa Patnubay para sa Paggamit ng Mga Panakip sa Mukha (CDPH, 2020). Ang mga indibidwal at negosyo ay kailangang magpatuloy ng mga kinakailangan sa maskara sa mukha tulad ng itinuro ng Estado (kasama dito ang panloob na pagsuot ng maskara para sa mga taong ganap na nabakunahan sa karamihan ng mga sitwasyon sa labas ng bahay).

Hindi kinakailangan ang mga panakip sa mukha para sa mga manggagawa habang kumakain o umiinom, para sa mga manggagawa na may kondisyong medikal na pumipigil sa pagsuot ng panakip sa mukha, para sa komunikasyon ng o sa isang taong may kapansanan sa pandinig, o kapag ang panakip sa mukha ay lilikha ng panganib sa tao na may kaugnayan sa kanilang trabaho, tulad ng tinukoy ng mga lokal, estado, o pederal na regulator o mga alituntunin sa kaligtasan sa lugar ng trabaho.

Kung Naaangkop, Ayusin ang Lugar ng Trabaho upang Mas Masuportahan ang mga Pamamaraan ng Pagdistansya sa Ibang Tao

Ayusin muli, paghigpitan, o isara ang mga karaniwang lugar upang mapanatili ang pagdistansya sa ibang tao.

Ang ilang mga pangunahing, paunang pamamaraan ng pagdistansya sa ibang tao ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

- Para sa mga dapat manatili sa lugar ng trabaho, panatilihin ang hindi bababa sa isang 6-talampakang distansya mula sa lahat sa labas ng inyong sambahayan.
- Para sa lahat ng mga panloob na espasyo na bukas sa publiko, sumunod sa anumang mga limitasyon sa kapasidad na kasalukuyang ipinapatupad. Repasuhin ang Plano ng Estado para sa Mas Ligtas na Ekonomiya at anumang naaangkop na patnubay sa industriya ng Estado upang matukoy kung ang isang limitasyon sa kapasidad ay nalalapat sa inyong pasilidad.
- Ang mga lamesa at mga lugar ng trabaho ay dapat na itayo nang hindi bababa sa anim na talampakan ang magkahiwalay. Iayos ang mga lamesa at mga istasyon ng trabaho para nakaharap sila sa parehong direksyon sa halip na magkaharap sa isat isa.
- Ang anumang mga nakabahaging lamesa/lugar ng trabaho ay dapat na i-sanitize sa pagitan ng bawat shift.
- Bawasan at iwasan ang paggamit ng mga karaniwang lugar (tulad ng mga conference room, cafeteria, at mga break room).
- Sa halip, hikayatin ang mga indibidwal na kumain ng pagkain sa labas, mag-isa sa kanilang sasakyan, o mag-isa sa kanilang mga lamesa.
- Kung ang mga karaniwang lugar ay ginagamit, maglagay ng mga karagdagang limitasyon sa bilang ng mga manggagawa sa mga nakapaloob na lugar upang matiyak na hindi bababa sa anim na talampakan ang pagitan ng lahat ng manggagawa na nasa lugar.
- Isa-isahin ang mga break ng mga tauhan, na sumusunod sa mga regulasyon sa sahod at oras, upang mapanatili ang sapat na pagdistansya mula sa ibang tao.
- Bawasan o pagbawalan ang mga personal na pagpupulong at gawin ang mga virtual na pagpupulong alinsunod sa kasalukuyang paghihigpit sa kautusan ng pampublikong pangkalusugan.

Aktibong Hikayatin ang Pagsunod sa mga Pamamaraan sa Kalinisan

Aktibong hikayatin ang lahat ng mga indibidwal na dagdagan ang mga pamamaraan sa kalinisan (paghuhugas ng kamay, pag-iwas na mahawakan ang mga mata/ilong/bibig, takpan ang mga pag-ubo at pagbahing), at magbigay ng madalas na mga pahinga para sa paghuhugas ng kamay. Magbigay ng mga tisyu, sanitizer ng kamay, at pangdisimpektang pamunas na madaling magagamit sa buong pasilidad. Dapat tiyakin ng mga employer na ang mga sanitizer dispenser ng kamay at mga pasilidad sa paghuhugas ng kamay ay palaging gumagana at may suplay.

Mag-print at magpaskil ng mga materyales na pang-edukasyon sa buong lugar ng trabaho. Ang mga maaaring mai-print na materyales ay makukuha sa:
https://www.sccgov.org/sites/covid19/Pages/learn-what-to-do-flyers.aspx